Document Tracking No
May 19, 2026
V6P90536-2026

Republic of the Philippines
Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

DEPED-DIVISION OF SURIGAO DEL SUR
RELEASED
DATE: May 20, 2026
TIME: 8:55 AM
SIGNATURE:

DIVISION MEMORANDUM
Blg 177 , s. 2026

To: Tagamasid Pampurok
Pinuno ng Pampublikong Paaralan
Iba pang Kinauukulan

**PAGTATAYA AT PAGLINANG: BIRTUWAL NA PAGPAPLANO**

1. Bilang paghahanda sa nalalapit na pagbubukas ng klase at upang matukoy ang mga kasanayang nangangailangan pa ng higit na pagpapaigting, lalo na sa pag-unawa sa binasa sa Filipino, magkakaroon ng Pagtataya at Paglinang: Birtuwal na Pagpaplano ngayong Mayo 27, 2026, mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon gamit ang link na ito, https://tinyurl.com/FIL-PAGPAPLANO.

2. Sa pamamagitan ng sama-samang pagsusuri at pagbabahaginan ng mga ideya, inaasahang makabuo ng mga kontekstuwalisado at makabuluhang babasahin at interbensyon na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at magpapalakas sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino.

3. Layunin ng pagtitipon ang sumusunod:

   a. Masuri at mapag-usapan ang panapos na resulta ng pagtataya sa Filipino upang matukoy ang mga kalakasan at pangangailangang pangkatuto ng mga mag-aaral.
   b. Makapagbahaginan ng mga mungkahi at estratehiya sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, lalo na ng mga babasahing lilinang sa kasanayan sa pag-unawa.
   c. Makabuo ng paunang plano at mga target na gawain para sa paglinang ng mga interbensyon at learning resources na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa Filipino.

4. Ang mga kalahok sa pagpupulong na ito ay ang mga pandistritong tagapag-ugnay sa Filipino sa buong dibisyon at mga piling guro sa bawat munisipyo.

5. Ang mga tagamasid pampurok sa tulong ng pandistritong tagapag-ugnay sa Filipino ay magrekomenda ng 10 guro sa unang yugto, 10 guro sa ikalawang yugto, 10 guro sa ikatlong yugto at 5 guro sa ikaapat na yugto.

6. Ang mga piling guro sa bawat yugto o key stage ay kailangang magregister sa link na ito, https://tinyurl.com/LIST-OF-WRITERS-FIL.

7. Pinapayuhan ang lahat ng kalahok na humanap ng lugar na may malakas na signal ng internet upang maayos na makalahok sa mga talakayan.



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS
Address: Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
Telefax No. (086) 211-3225
Email Address: surigaodelsur.division@deped.gov.ph
Website: depedsurigaodelsur.com

| Doc. Ref. Code | SDO-OSDS-F001 | Rev | 00 |
|---|---|---|---|
| Effectivity | 02.3.2025 | Page | 1 of 3 |

8. Lahat ng mga manunulat na tagumpay na makapagsumite ng kanilang awtput ay mabibigyan ng 1 araw na service credits.

9. Kalakip ng memorandum na ito ang daloy ng gawain.

10. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpalaganap ng memorandum na ito.

**LORENZO O. MACASOCOL PhD CESO V**
Schools Division Superintendent

Kalakip: Gaya ng Isinasaad
Sanggunian:
Ilagay sa Palagiang Taluntunan sa Ilalim ng Sumusunod na Paksa
PAGPUPULONG KURIKULUM PAARALAN
IGA/DM- Pagtataya at Paglinang: Birtuwal na Pagpaplano
_______/Mayo 19, 2026

Kalakip ___ mula sa Pansangay na Memorandum Blg. ___ s. 2026

## PAGTATAYA AT PAGLINANG: BIRTUWAL NA PAGPAPLANO

### DALOY NG GAWAIN

| Date/Time | Topic/Activity | Responsible Person/s | Participants |
|---|---|---|---|
| 9:00- 9:20 a.m. (20 mins.) | - Panimulang Gawain<br>- Pambansang Awit<br>- Panalangin<br>- Pambungad na Mensahe<br>- Paglalahad ng Layunin ng Gawain<br>- Pagkilala ng mga Kalahok | PMT | Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino |
| 9:20- 12:00 nn | Paglalahad ng Panapos na Resulta ng Pagtataya sa Filipino at Pagbuo ng plano | Irene Grumez EPS | Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino |
| 12:00-1:00 pm | Lunch break | | |
| 1:00-3:00 pm | Paglalahad ng Inaasahang Awtput at mga Pamantayan | Irene Grumez EPS | Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino at Mga Piling Guro sa Filipino |
| 4:00-5:00pm | Panapos na Programa | PMT | Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino at Mga Piling Guro sa Filipino |